

OFFSHORE MINING SEABED QUARRYING AT RECLAMATION:

Mga Banta sa Karagatan, Kalikasan, at Mamamayan



**ALYANSA
TIGIL
MINA**



OFFSHORE MINING SEABED QUARRYING AT RECLAMATION:

**Mga Banta sa Karagatan,
Kalikasan, at Mamamayan**

By



ALYANSA TIGIL MINA
March 2024

Alyansa Tigil Mina



*Ang babasahing ito ay halaw sa
“Deepening Threats to the Coastal and Marine
Ecosystems of the Philippines:
A Briefing Paper on Offshore Mining, Seabed
Quarrying and Reclamation Projects”
na inilathala noong Nobyembre 2023
at ulat ng mga ATM staff at partners
sa mga apektadong lugar.*

Alyansa Tigil Mina National Secretariat

TELEFAX:

+63 (02) 440-3211

EMAILS:

nc@alyansatigilmina.net
socmed2022@alyansatigilmina.net

WEBSITE:

www.alyansatigilmina.net

FACEBOOK:

Alyansa Tigil Mina

TWITTER:

atm_philippines

March 2024

Kalagayan ng ating mga Karagatan at Mangingisda



Ang dagat ay buhay!

Ang ating bansa bilang arkipelago ay may karagatang ang lawak ay 2.2 milyong kwadrado kilometro. Ang iba't-ibang ekosistema sa ating karagatan at baybayin ay sumusuporta at nagpapanatili ng napakaraming buhay kaya naman masagana ang ating mga likas yaman.

Ang isda ay isa sa pangunahing nagbibigay ng protina sa mamamayan at ang pangisdaan ay may malaking ambag sa ekonomiya ng bansa. May mahigit na dalawang milyong mangingisda ang rehistrado sa BFAR ng Department of Agriculture.

Ngunit ayon din sa nasabing ahensya, labing tatlong (13) pangunahing lugar pangisdaan ng bansa ang labis nang napangisdaan (overfishing). Kaugnay nito, ayon sa UN-FAO ay higit 70% na ng likas yamang pangisdaan ang labis nang napangisdaan.

Dagdag pa rito, nitong mga nakaraang taon ay kapansin-pansin at nakababahala ang pagdami ng mga proyektong **offshore mining, seabed quarrying at reclamation** sa iba't-ibang karagatan ng bansa dahil sa paghikayat at pagbibigay ng permiso ng pamahalaan sa ngalan daw ng kaunlaran.



Ano ang Offshore Mining?



Credit: REUTERS

Ang **offshore mining** ay pangunahing tumutugon sa pangangailangan ng merkado ng mga produktong mineral kagaya ng magnetite sand o iron ore na mahalaga sa steel, construction at manufacturing industry. Sa Pilipinas malaki ang demand nito mula sa bansang Tsina, Hapon, Taiwan, at iba pa.

Ang magnetite sand o iron ore ay madalas na may kasamang iba pang minerales. Ayon sa aaral ng UP Marine Science Institute sa magnetite sand sa Zambales at Cagayan, mayroon itong kasamang titanium, vanadium, platinum group minerals, at iba pang rare earth minerals – mga minerales na tinatayang kinakailangan para sa mga baterya at iba pang teknolohiya para sa ating pag-transition sa renewable energy sources.



Ano ang Offshore Mining?

Kaugnay nito ay minamadali na rin ng mga minero na makapagsimula na ang “deep sea mining” sa “iKaugnay nito ay minamadali na rin ng mga minero na makapagsimula na ang “deep sea mining” sa “international waters” ngunit nagdesisyon ang International Seabed Authority (ISA) na ipagpaliban ang desisyon dito sa susunod nitong pulong sa Hulyo 2024.

*(International Seabed Authority delays deep-sea mining to 2024; <https://www.mining-technology.com/news/international-seabed-authority-delays-deep-sea-mining/?cf-view>)



Credit: PIME ASIA NEWS



Ano naman ang Seabed Quarrying?

Ang **seabed quarrying** naman ay pagbungkal at paghakot ng lupa, buhangin at iba pang materyales sa ilalim ng karagatan (offshore) upang gamiting panambak para sa mga proyektong reklamasyon.

Ang seabed quarrying ay katambal ng **proyektong reklamasyon** o pagtatambak sa mga lugar na lubog sa tubig o inaabot ng taib (high tide) kagaya ng mga inter-tidal zone, estuwaryo at bakawanan na kadalasang itinuturing na mahahalagang ekosistema sa baybayin.

Itinutulak ang mga proyektong ito para lumikha ng mga bagong ispasyo para sa mga itatayong residensyal at komersyal na istraktura.



Anong mga Patakaran o Batas ang Nagpapahintulot nito?

Ang permit para sa offshore mining at seabed quarrying ay kinukuha mula sa Mines and Geosciences Bureau sa DENR. Sa offshore mining, sinusunod ang proseso ng mining application alinsunod sa Mining Act of 1995. Mayroong DENR Memorandum Circular No. 2016-05: Establishing the guidelines on offshore mining including mining operations, mine decommissioning and mine rehabilitation on offshore areas.

Katulad ng pagmimina sa lupa, itinatakda ng 1995 Philippine Mining Act, na ang sinumang gustong magmimina ay maaaring mag-apply sa DENR-Mines and Geosciences Bureau (MGB) ng exploration permit. Kapag aktwal nang operasyon ay kailangang makakuha ng Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) o Financial and/or Technical Assistance Agreement (FTAA) na hindi lalampas sa 25 na taon ngunit maaaring i-renew ng panibagong kontrata.



Anong mga Patakaran o Batas ang Nagpapahintulot nito?

Ang seabed quarrying naman ay naitulak ayon sa direktiba ng Pangulo na naglabas ng Executive Order No. 153, s. 1999: Authorizing the utilization of offshore areas not covered by approved mining permits and contracts as sources dredgefill materials for government reclamation projects and for other purposes, na ipinatupad ng DENR at PRA sa pamamagitan ng Joint DENR-PRA AO 2000-05: Providing the rules and regulation on the utilization offshore areas not covered by approved mining permits and contracts as sources dredgefill materials for government reclamation projects and for other purposes.

Ayon sa mga nabanggit na polisiya, para matuloy ang mga proyektong ito ay kinakailangan makakuha ng:

- Environmental Compliance Certificate sangayon sa EIS Law, kung saan mag-a-apply sa DENR-Environmental Management Bureau
- Area Clearance mula sa iba't ibang ahensya kasama ang LGUs, sangayon sa iba't ibang polisiya sa offshore mining, reklamasyon at seabed quarrying
- Endorsement ng mga LGUs sangayon sa Local Government Code



Ano ang kalagayan ng mga proyektong ito sa bansa?

Kumpara sa pagmimina sa bundok o lupa, bago pa lamang ang offshore mining at sa ngayon ay isa pa lamang ang nakatakdang mag-operate sa bansa at ito ay pag-aari ng JDVC Resources Corporation sa Gonzaga, Cagayan.

*Offshore mining all set amid delays, says Apollo Global;

<https://business.inquirer.net/347584/offshore-mining-all-set-amid-delays-says-apollo-global>).

Ngunit may sampu (10) na nasa yugto ng eksplorasyon sa Pangasinan, Leyte at Cagayan.

(Annex 1)

Nakasaad din sa website ng MGB-DENR na may dalawampu't walong (28) aplikasyon ng offshore mining sa mga rehiyon ng I, IV-A, VI, at VIII batay sa datos noong Setyembre 2023. (Annex 2)



Seabed Quarrying

Samantala ay may limang seabed quarrying sa Cavite at Bataan na may lawak na 29,500 na ektarya. Nabigyan ang mga ito ng permit bago naglabas ang DENR ng Administrative Order 08-22 na nagpahinto sa mga bagong applications at nagdeklara rin ng moratorium si dating Pangulong Duterte sa mga reclamation projects bago matapos ang kanyang termino noong Mayo 2022. (Annex 3)

Bago ang nasabing moratorium ay may nakapilang 11 aplikasyon sa mga probinsya ng Bataan, Bulacan, Pampanga, Cavite, Quezon, at Batangas. (Annex 4)



Seabed Quarrying

Batay sa ulat ng mga apektadong komunidad, nagaganap ang seabed quarrying sa ilang lugar tulad ng Zambales at Negros Occidental ngunit ang gamit na permit ay river dredging na ipinagkaloob ng lokal na pamahalaan bilang solusyon daw sa mga pagbaha.

Ayon naman sa listahan ng PRA noong Mayo 2022 ay may 175 na planong reklamasyon sa buong bansa at 47 dito, may kabuuang lawak na 12,103 ektarya, ay aprubado na o malapit nang ipatupad. Labing-anim (16) dito ay ipinapatupad na ang walo (8) sa National Capital Region (NCR), lima (5) sa regions IV-A at IV-B, at tatlo (3) sa Visayas. Ang natitirang tatlumpu at isa (31) ay pre-qualified na sa bisa ng Memorandum of Understanding (MOU) at aprubado na sa ilalim ng Memorandum of Agreement (MOA).




PHOTO: Nasirang baklad dahil nasagasaan ng dredging ship sa Botolan, Zambales



Mga Epekto sa Karagatan, Kalikasan at Klima

Ang karagatan ay komon na pag-aari, samakatuwid ang mga benepisyo nito ay dapat pantay na mapakibanangan ng mamamayan, lalo na ng mga mahihirap, sa likas-kayang (sustainable) pamamaraan.

Ngunit hindi ito ang direksyong tinatahak ng ating bansa dahil sa pagkiling ng mga nasa gobyerno sa mga mapanirang proyektong ito.



Mga Epekto sa Karagatan, Kalikasan at Klima

Sa isang webinar noong 2021, ayon sa BMB, nakakaalarma ang mga maaring maging epekto ng malawakang seabed at offshore mining: “The scrapping of the ocean floor by machines can alter or destroy deep-sea habitats, leading to the loss of species and fragmentation or loss of ecosystem structure and function... Because of their interconnectivity, massive extraction of resources have direct impact to fisheries.”
-- Nilda Baling, DENR-Biodiversity Management Bureau

*Seabed quarrying, offshore mining threaten coastal, marine biodiversity;
<https://businessmirror.com.ph/2021/10/17/seabed-quarrying-offshore-mining-threaten-coastal-marine-biodiversity/>

Ayon kay Dr. Fernando Siringan ng UP Marine Science Institute (MSI), ang malawakang pagbabago sa ilalim ng karagatan ay hindi lang kung saan may hinuhukay kundi sa kanugnog at malalayong lugar.



Mga Epekto sa Karagatan, Kalikasan at Klima

Lohikal din na ang mga pagbabago sa ilalim ng dagat ay may epekto sa napakaraming organismong naninirahan dito. May mga pag-aaral sa United Kingdom (UK) na ang pinsala sa mga anyong buhay sa ilalim ng dagat dahil sa seabed quarry ay hindi kayang isa-ayos kahit lumipas pa ang 15 taon.

Dagdag pa ni Dr. Siringan, ang mga sediments o mga latak ay aanurin sa malalayong lugar at negatibong makakaapekto sa mga bahura (coral reefs) maging sa mga malalayong baybayin. Samantalang ang mga tidal flats naman ay mga istasyon ng mga ibong naglalakbay (migratory birds); dito sila nagpapahinga at kumukuha ng pagkain para ipagpatuloy ang siklo ng kanilang migration.

Ang pagsira sa iba't ibang yamang buhay sa karagatan at pagkalkal ng seabeds ay magdudulot ng pagkawala ng carbon o greenhouse gases at maaring makapagpalala ng kinakaharap nating climate change. Ito ay makakadagdag sa pag-accelerate ng climate change at epekto nito sa ating bansa.



Kabuhayan

Sa malusog na karagatan nakasandig ang kabuhayan ng milyun-milyong mga tao; sa iba't-ibang paraan kagaya ng pangingsda, pag-a-akwakultura at turismo na nagbibigay ng trabaho sa maraming Pilipino.

Isang halimbawa ay ang epekto ng offshore mining sa humigit kumulang 11,000 mangingsda ng Cagayan. Ayon kay Diana Moraleda, coordinator ng San Pedro Telmo Parish, bago magsimula ang paghuhukay noong unang bahagi ng 2021, nakakahuli ang mga mangingsda ng 200 kilos sa isang magdamagang paglaot ngunit ngayon ay swerte na kung makatatlong kilo silang maiuwi sa pamilya.



Kalusugan



Credit: Dondi Tawatao

Pamilyar tayo sa red tide dahil ilang beses na nating napanood o narinig sa mga balita ang pagkamatay at pagkakasakit ng mga taong nakakain ng mga lamang-dagat na apektado nito.

Ang pagkakaroon ng mga lamang dagat ng cyst na *Pyrodium bahamense* ang pinagmumulan ng red tide dulot ng mga lason at polusyong itinatapon ng mga kumpanyan sa ilog kagaya ng heavy metal.

Nasabi rin ni Dr. Siringan na ang pagbulabog sa ilalim ng dagat ay lalong magdudulot ng cyst sa mga organismo na lalong magpapalala at magpapalaganap ng red tide.



Kaligtasan ng Mga Komunidad

Erosyon at pagbaba ng lupa – Sa isang talakayan kasama ang mga mangingisda ng Tayabas Bay, binanggit ni Dr. Siringan na ang pagbabago ng ilalim ng dagat ay magdudulot din ng pagbabago sa direksyon ng agos ng tubig. Lalakas din ang mga pag-alon at makukutkot ang mga baybayin na magdudulot ng erosyon at panganib sa mga bahayang malapit sa karagatan. Ang imahe nito ay literal na kinakain ng dagat ang lupa.

Ganito rin ang posibleng mangyari sa Lingayen Gulf na ayon kay Dr. Irene De Vera ng Pangasinan State University ay hindi dapat minahin dahil ang mga pagdi-drill ay magiging sanhi ng pagguho ng lupa at posible pang patindihin ng mga paglindol.



PHOTO: Mga nasirang bahay dahil sa coastal erosion sa Botolan, Zambales



Kaligtasan ng Mga Komunidad

Pagbaha – Ang mga tinambakang lugar sa karagatan ay madalas na mas mataas sa mga kalapit nitong erya. Magsisilbing harang o dike ang mga tambak na ito na magkukulong sa tubig at syang maglulubog sa mga komunidad na nasa mababang pook na kadalasan ay residensyal at mga taniman.

Halimbawa, ang Bulacan Aerotropolis Project ay haharang sa tubig mula sa mga ilog ng Pampanga at Bulacan patungong Manila Bay. Ayon sa mga mangingisda ng Taliptip; ang proyektong reklamasyon ay isang malaking banta sa kanilang komunidad sa mga kalapit na munisipalidad dahil haharangan nito ang tubig na magmumula sa mga kabundukan.



PHOTO: Mga floating houses ng mga mangingisdang na-demolish ang mga bahay sa Paranaque



Ano ang tugon ng mga apektadong komunidad at sektor?

Mahigpit ang pagtutol at pagkakampanya ng iba't-ibang grupo ng mga mangingisda, makakalikasang mga indibidwal at samahan, taong simbahan, kababaihan at kabataan upang mapahinto ang mga mapanirang proyektong ito.

Ilan sa mga pangunahing pormasyong ito ang Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (PAMALAKAYA), Pangisda-Pilipinas, Manila Bay Para sa Tao (MBPST), People's Niche, Oceana Phils., Laudato Si Movement, Caritas Phils., at EcoConvergence kung saan kabilang ang ATM at mga lokal na mga koalisyon at samahan sa mga lugar kung saan isinasagawa ang mga proyektong ito.



Manila Bay Human Chain Action,
October 18, 2023



Ano ang tugon ng mga apektadong komunidad at sektor?

Naninidigan ang simbahang katoliko na ang pagmimina ay labag sa inilabas na encyclical na “Laudato Si” noong 2015 mula kay Pope Francis na nagtuturong mahalín at pangalagaan natin ang ating “common home.”

Sa pananaw din ng mga grupong tumututol na nakabatay sa precautionary principle, hindi dapat payagan ang mga proyektong hindi pa kumprehensibong napag-aaralan ang magiging epekto sa kalikasan at taumbayan.



Senate Panel Hearing on Manila Bay Reclamation
Sept. 27, 2023



Ano ang tugon ng mga apektadong komunidad at sektor?



ATM-Kalasag-Sanlakas Picket sa DENR vs Seabed Quarrying
Feb. 2023



Mga Panawagan

- Mahigpit na pagpapatupad ng suspension sa mga reclamation projects at moratorium sa mga aktibidad na seabed quarrying at offshore mining;
- Magsagawa ng masusing cost benefit analysis na pag-aaral kung papayagan ang mga proyektong ito;
- Panagutin ang mga kumpanya at mga opisyal ng pamahalaan na lumabag sa mga karapatan ng mga apektadong komunidad at sektor; at
- Kumpensasyon para sa mga naapektuhang likas na yaman, kabuhayan, kalusugan at iba pang aspeto ng pamumuhay ng mamamayan.



Mga Panawagan



Ano ang maaaring gawin ng taumbayan?

- Maging mapagbantay! Kapag may nakuhang impormasyon na may proyektong papasok o nag-a-apply, sumulat sa lokal na pamahalaan at mga ahensya upang humingi ng mga dokumento at makasali sa mga pulong at konsultasyon;
- Magsaliksik kasama ang mga support NGOs, simbahan, akademikong institusyon at kaalyadong lokal na pamahalaan sa mga posibleng epekto ng proyekto;
- Mag-ingay at ipaabot sa pinakamaraming bilang ng mamamayan ang isyu sa pamamagitan ng mga signature campaigns, assemblies, at mga kultural na aktibidad;
- Kung may mga paglabag, maaaring magsampa ng reklamo sa DENR, CHR, Ombudsman, Korte at iba pang ahensya upang hindi mabigyan ng permit o kaya ay masuspinde o makansela ang kontrata ng proyekto;
- Magtulak ng mga resolusyon o ordinansa sa lokal na pamahalaan na maaaring makahadlang sa mga proyektong ito. Sa pambansang antas, lumikha ng pressure upang mapalitan ang 1995 Mining Act at mapahinto ang seabed quarrying, offshore mining at mga reclamation projects.



Abbreviations

- BFAR - Bureau of Fisheries and Aquatic Resources
- BMB - Biodiversity Management Bureau
- CBCP - Catholic Bishops' Conference of the Philippines
- CHR - Commission on Human Rights
- DAO - Department Administrative Order
- DA - Department of Agriculture
- DENR - Department of Environment and Natural Resources
- EMB - Environmental Management Bureau
- FTAA - Financial and/or Technical Assistance Agreement
- GDP - Government Dredging Permit
- GDP - Gross Domestic Product
- GSQP - Government Seabed Quarry Permit
- MGB - Mines and Geosciences Bureau
- MPSA - Mineral Processing Sharing Agreement
- NASSA / Carita - National Secretariat for Social Action-Justice and Peace
- NGOs - Non-Government Organizations
- PAMALAKAYA - Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas
- PEA/PRA - Philippine Estate Authority now known as the Philippine Reclamation Authority
- Peoples' Niche - People's Network for the Integrity of Coastal Habitats and Ecosystems
- SEP - Special Exploration Permit



Glossary of Terms

- **Borrow area:** tumutukoy sa mga lugar na natukoy bilang pagkukunana ng mga materyales para panambak ayon na rin sa mga teknikal na pagsusuiri (DAO 2000-25)
- **Deep sea mining:** pagkuha ng mga minerales at iba pang mga deposito sa internasyunal na karagatan na labas sa jurisdiction ng mga bansa
- **Dredgefill Materials:** mga materyales na angkop na panambak na makukuha sa ilalim ng dagat na hindi na kailangan pang i-proseso (DAO 2000-25)
- **Government Reclamation Project:** tumutukoy sa pagtatambak sa mga lugar na lubog sa tubig na maaring foreshore o offshore o maaring nasa kalupaan. Ang gobyerno sa pamamagitan ng PEA o ng isang indibidwal o Partido na kinikilala ng gobyerno ang may kontrata para sa proyekto ng pagtatambak.
- **Government Seabed Quarry Permit:** pahintulot na ibinigay ng Kalihim ayon sa rekomendasyon ng Direktor sa mga kwalipikadong tao o tanggpan ng pamahalaan na gamitin ang mga erya na na-aprubahan para minahin o i-quarry.



Glossary of Terms

Offshore Mining: proseso ng pagkuha ng mga materyales at mga deposito sa ilalim ng dagat. Ang offshore ay tumutukoy sa sa ilalim o sahil ng dagat mula sa baybay sa pinakamababang hibas hanggang sa 200 nautical miles o EEZ (DAO 2000-25)

Seabed Quarry Resources: tumutukoy sa buhangin, maliit na tipak ng bato o graba, malalaking bato at iba pang materyales na loose o hiwa-hiwalay na hindi na kailangan pang i-proseso at walang halong metal. Ang mga mineral na hindi metal kagaya ng bull quartz, quartz, pebbles at mahahalagang bato ay itinuturing na hindi parte ng seabed quarry resources (DAO 2000-25)

Seabed Quarrying: tumutukoy sa proseso ng pagkuha at paghakot ng materyales na panambak sa offshore erya (DAO 2000-25)



Annexes

Annex 1. Mga Inaprubahang Offshore Mining Projects

Tenement No.	Permit Holder	Contact Information	Date issued	Area in hectares	Commodity	Location	Status
1	Altamina Exploration and Resources, Inc.	Jose T. Limjoco President 21 Rizal Street, Ayala Heights Village, Quezon City	6/29/2010 -6/29/2035	9,588.2396	Magnetite Sand and other associated minerals	Offshore areas of Magsingal, Sto. Domingo, San Vicente, Sta. Catalina, Vigan, Cacoayan, Santa, Narvacan, Sta. Maria, Sinait, San Esteban, Santiago, Candon, San Juan, Cabugao, Ilocos Sur; Currimao, Pinili, Badoc, Ilocos Norte; and San Fabian, Mangaldan, Binmaley, Lingayen, Alaminos and Dagupan City, Pangasinan	Under Exploration
2	Iron Ore, Gold and Vanadium (Phils.) Inc.	Ramon Aris F. Lipana President 83 Times St., Brgy. West Triangle, Quezon City	11/25/202- 11/25/2045	10,064.2922	Gold, Magnetite Sand and other associated minerals	Offshore areas of Lingayen, Binmaley, San Fabian and Dagupan, Pangasinan	Under Exploration
3	Fastem Construction Incorporated	Gerardo R. Cuaresma President 302 Warehouse Parkwood Compound, Ortigas Ave., Ext. Sto. Domingo, Cainta Rizal	7/27/2007- 7/27/2032	4,438.4775	Iron, cobalt, gold and other associated mineral deposits	Offshore areas of Dulag and Mayorga, Leyte	Under Exploration



Annexes

Annex 1. Mga Inaprubahang Offshore Mining Projects

Tenement No.	Permit Holder	Contact Information	Date issued	Area in hectares	Commodity	Location	Status
4	Peniel Resources Mining Corporation	Anthony James K. Gil President Unit 2204, President Tower, South Triangle, Quezon City	6/9/2010- 6/9/2035	14,860	Magnetite and other associated mineral deposits	Offshore areas of Sanchez Mira, Pamplona, Abulug, Ballesteros, Aparri, Buguey and Gonzaga, Cagayan	Under Exploration
5	JDVC Resources Corporation[1]	Napoleon M. De Leon, Jr. President 83 Times Street, West Triangle, Quezon City	6/9/2010- 6/9/2035	1,897.0242	Magnetite and other associated mineral deposits	Offshore area of Gonzaga, Cagayan	Development and Construction
6	Sanlorenzo Mines, Inc	Alberto U. Filart President Unit 28, 2nd Floor, Facilities Center, Shaw Boulevard, Mandaluyong City	6/9/2010- 6/9/2035	2,400	Magnetite and other associated mineral deposits	Offshore areas of Sanchez Mira, Pamplona, Abulug, Ballesteros, Aparri, Buguey and Gonzaga, Cagayan	Under Exploration



Annexes

Annex 1. Mga Inaprubahang Offshore Mining Projects

Tenement No.	Permit Holder	Contact Information	Date issued	Area in hectares	Commodity	Location	Status
7	Catagayan Iron Sand Mining Resources Corporation	Hyund Rae Doo Chairman 83 Times Street, West Triangle, Quezon City	6/9/2010- 6/9/2035	3,182.78	Magnetite and other associated mineral deposits	Offshore area of Aparri, Cagayan	Development and Construction
8	Catagayan Mining Resources (Phils.), Inc.	Hyund Rae Doo Chairman 83 Times Street, West Triangle, Quezon City	6/9/2010- 6/9/2035	1,448.51	Magnetite and other associated mineral deposits	Offshore areas of Abulug and Ballesteros, Cagayan	Under Exploration
9	Cagayan Ore Metal Mining Exploration Corporation	Hyund Rae Doo Chairman 83 Times Street, West Triangle, Quezon City	6/9/2010- 6/9/2035	2,149.85	Magnetite and other associated mineral deposits	Offshore areas of Buguey, Cagayan	Under Exploration



Annexes

Annex 1. Mga Inaprubahang Offshore Mining Projects

Tenement No.	Permit Holder	Contact Information	Date issued	Area in hectares	Commodity	Location	Status
10	T & T Resources and Mining Corporation	Anthony James K. Gil President Unit 2204, President Tower, South Triangle, Quezon City	6/9/2010- 6/9/2035	14,710	Magnetite and other associated mineral deposits	Offshore areas of Sanchez Mira, Pamplona, Abulug, Ballesteros, Aparri, Buguey and Gonzaga, Cagayan	Under Exploration
11	J & M Resources and Mining Corporation	Anthony James K. Gil President Unit 2204, President Tower, South Triangle, Quezon City	6/9/2010- 6/9/2035	9,854	Magnetite and other associated mineral deposits	Offshore areas of Abulug, Ballesteros, Aparri, Buguey and Gonzaga, Cagayan	Under Exploration
TOTAL							
				74,593.17			

*Mga datos hanggang Setyembre, 2023 mula sa DENR-MGB website

<https://mgb.gov.ph/2015-05-13-01-44-56/2015-05-13-01-46-18/2015-06-03-03-42-49>



Annexes

Annex 2. Mga Aplikasyon para sa Offshore Mining

Tenement No.	Applicant/ Holder	Area in hectares	Commodity	Location
REGION 1 (5)				
1	Pangasinan Ferro Resources Corporation Mr. Jesus V. Verocel, Director 83 Times St., West Triangle, Quezon City	2,959.751 5	Magnetite sand, gold etc	Lingayen and Binmaley, Pangasinan
2	Ferro Resources Corporation Raisa Marie Sindingan Go, Director/ Corporate Secretary 83 Times St., West Triangle, Quezon City	6,740.264 0	Magnetite sand, gold etc.	Lingayen, Binmaley, Dagupan City and San Fabian, Pangasinan
3	Pangasinan Blue Ocean Corporation Daniel Chua Go, President/ Director 83 Times, St., West Triangle, Quezon City	2,034.060 8	Magnetite sand, gold etc.	Bacarra, Laoag City and Pasuquin, Ilocos Norte
4	Pangasinan Ferro Resources Corporation Mr. Jesus V. Verocel, Director 83 Times St., West Triangle, Quezon City	2,029.760 0	Magnetite sand, gold etc.	Bangui, Burgos and Pagudpud, Ilocos
5	Ferro Offshore Resources Corporation Raisa Marie Sindingan Go, Director/ Corporate Secretary 83 Times St., West Triangle, Quezon City	3,286.473 6	Magnetite sand, gold etc.	Sual, Labrador, Lingayen, Binmaley, San Fabian and Dagupan City, Pangasinan



Annexes

Annex 2. Mga Aplikasyon para sa Offshore Mining

Tenement No.	Applicant/ Holder	Area in hectares	Commodity	Location
Region IV-A (3)				
6	TCSC Corp. Mr. Dionisio V. Toreja, President National Highway, Poblacion, San Pascual, Batangas	1,827.0508	Alluvial Deposits, Magnetite sand and other associated minerals	Offshore areas of Nasugbu and Lian, Batangas
7	Pineriver Resources Corp. (Assigned from Light for the Gentiles Mining Corp.) Mr. Victor J. Lee, President Unit 1902 The Trade & Financial Tower, 7th Avenue cor. 32nd Street, Bonifacio Global City, Taguig City	9,942.9168	Offshore magnetite and associated minerals	Tanza, Naic and Ternate, Cavite
8	High-Density Mineral Resources, Inc. Mr. Randolph V. Singson 2nd Floor Partas Cubao Bldg., 816 Aurora, Barangay Kaunlaran, Quezon City	4,260.9945	Offshore magnetite, etc	Mauban and Atimonan, Quezon
Region VI (17)				
9	Mt. Mogan Resources & Dev. Corp. Mr. Joselito O. Cariño, President Julius Cariño - Corp. Sec. No. 139 Malakas St., Unit 301 Señor Ivan de Palacio Bldg., Central, Diliman, Quezon City, Metro Manila	17,205.2259	Magnetite sand, etc.	Hinigaran, Binalbagan, Ilog and Himamaylan, Negros Occidental
10	Lite Minerals Corporation Mr. Joselito O. Cariño, President Julius Cariño - Corp. Sec. No. 139 Malakas St., Unit 301 Señor Ivan de Palacio Bldg., Central, Diliman, Quezon City, Metro Manila	15,557.5824	Magnetite sand, etc.	Bacolod City, Bago City, Pulupandan, Valladolid, San Enrique and Pontevedra, Negros Occidental



Annexes

Annex 2. Mga Aplikasyon para sa Offshore Mining

11	EXPA-000134VI (Offshore)	Silver Bell Mining & Dev. Corp. Angelito A. Cruz No. 58, Bldg. 9, Don Jose Rocha St., BF Executive Triangle, BF Phase VI, Las Piñas City, Metro Manila	7,490.1424	Magnetite sand, etc.	Himamaylan City, Kabankalan City, Hinigaran, Binalbagan and Ilog, Negros Occidental
12	EXPA-000141VI (Offshore)	Phil. Alliance Integrated Mineral Dev.1. Inc. Rommel V. Singson, President 1541 M.H. Del Pilar cor. Cuarteles Sts. Ermita, Manila Authorized Representative Engr. Edgardo D. Martinez New Address No. 816 Aurora Boulevard, Brgy. Kaulanlaran, Cubao, Quezon City	11,883.9378	Magnetite sand, etc.	Sipalay City and Hinobaan, Negros Occidental
13	EXPA-000142VI (Offshore)	Phil. Alliance Integrated Mineral Dev.1. Inc. Rommel V. Singson, President 1541 M.H. Del Pilar cor. Cuarteles Sts. Ermita, Manila Authorized Representative Engr. Edgardo D. Martinez New Address No. 816 Aurora Boulevard, Brgy. Kaulanlaran, Cubao, Quezon City	9,723.0000	Magnetite sand, etc.	Cauayan, Negros Occidental
14	EXPA-000154VI (Offshore)	Toreja's Construction Supply Corporation (TCSC) Dionisio V. Toreja, President National Road, Brgy. Poblacion San Pascual, Batangas	8,297.1023	Palladium, Alluvial Deposits and other associated minerals	Carles, Estancia, Batad and San Dionisio, Iloilo
15	EXPA-000155VI (Offshore)	Toreja's Construction Supply Corporation (TCSC) Dionisio V. Toreja, President National Road, Brgy. Poblacion San Pascual, Batangas	6,029.5799	Palladium, Alluvial Deposits and other associated minerals	Ibajay, Tangalan and Batan, Aklan
16	EXPA-000156VI (Offshore)	Toreja's Construction Supply Corporation (TCSC) Dionisio V. Toreja, President National Road, Brgy. Poblacion San Pascual, Batangas	5,305.0000	Palladium, Alluvial Deposits and other associated minerals	Cauayan, Negros Occidental
17	EXPA-000089VI Offshore	AOKI Mining Corporation 139 Joy St., Brgy Balingasan, Grace Village, Quezon City	2,246.00	Magnetite sand, etc	Cadiz and Sagay, Negros Occidental



Annexes

Annex 2. Mga Aplikasyon para sa Offshore Mining

18	EXPA-000092VI Offshore	Glendale Mining & Development Corporation No. 16 Acasia St., Valle Verde, Pasig City	6,064.3950	Magnetite sand, etc	Cadiz and Sagay, Negros Occidental
19	EXPA-000107VI* Offshore	Ever Gifted Mining Corp. 1338 Alvarado Extension, Tondo, Manila	14,542.7821	Magnetite sand, etc	Pres. Roxas, Panay, Pilar and Roxas City, Capiz
20	EXPA-0000140VI (Offshore)	Cypress Mining & Development Corporation 2255 Chino Roces Ave. Makati City, M.M.	10,830.8355	Magnetite sand, etc	Bacolod City, Talisay, Silay City, E. Magalona, Victorias and Manapla, Negros Occidental
21	AFTA-000009VI (Offshore)	First Palladium Mining Resources (Philis.) Corp. Mr. Ramon Aris F. Lipana, President 83 Times Street, West Triangle, Quezon City	10,474.2078	Palladium, platinum and other associated minerals	San Dionisio, Bataad, Estancia and Carles, Iloilo; and Pilar, Capiz
22	AFTA-000010VI (Offshore)	Asian Palladium Mining Development Corp. Mr. Miguel G. Lipana, President 83 Times Street, West Triangle, Quezon City	10,478.9632	Palladium, platinum and other associated minerals	Bataad, Estancia, Carles and Concepcion, Iloilo; and Pilar, Capiz
23	AFTA-000011VI (Offshore)	Filipinas Palladium Mining Resources, Inc. Corp. Mr. Ramon Aris F. Lipana, President	10,279.9959	Palladium, platinum, silver, etc.	Bayawan City and Basay, Negros Oriental, and Sipalay City, Ilog, Hinoba-an and Cauayan, Negros Occidental
24	AFTA-000012VI (Offshore)	Southern Luzon Exploration and Resources Inc. Miguel G. Lipana, President Bernardita R. Cruz-Herrera Corporate Secretary	30,477.6191	Palladium, platinum, silver, etc.	Carles, Iloilo; Tangalan, Numancia, Nabas and Kalibo, Aklan; and Pilar, Capiz
25	AFTA-000013VI NIR (Offshore)	Yehey Exploration & Resources, Inc. Ramon Aris, President Bernardita R. Cruz-Herrera Corporate Secretary	20,146.6804	Palladium, platinum, silver, etc.	Cadiz City and Victorias, Negros Occidental



Annexes

Annex 3. Mga Inaprubahang Seabed Quarrying

Tenement No.	Permit Holder	Date issued	Area in hectares	Location
1 OMR001-2008-IV (Amended)	Philippine Reclamation Authority	2008	10,000	Naic, Ternate, Tanza, Rosario and Noveleta, Cavite
2 OMR002-2019-IV	V.I.L Mines, Inc.	2019	5,000	Noveleta, Rosario and Tanza, Cavite
3 OMR003-2021-IV	Avalar Mining Corporation	2021	4,803.2112	Cavite City, Cavite
4 OMR004-2021-IV	Silverquest Mining Resources, Inc.	2021	2,124.3581	Ternate and Naic, Cavite
5 OMR005-2021-IV	Cargon Mining Corporation	2021	3,974.3028	Limay, Bataan
TOTAL				
			25,901.8721	

*DENR Document as of December 2021, obtained in June 2022.

The coverage of the GSQP shall specifically be for DENR evaluated Borrow Areas, which shall not be more than 10,000 hectares and with a term co-terminus

with the particular Government Reclamation Project: Provided,

That the Borrow Areas shall, ipso facto, revert back to the jurisdiction of the DENR after the Government Reclamation Project.



Annexes

Annex 4. Mga Aplikasyon sa seabed quarrying permit

	Tenement No. / Application No.	Holder	Area in hectares	Location
1	OMR-001-2018-IV	Bird's Nest Resources Corporation	9,932.0580	Limay, Orion, Mariveles and Pilar, Bataan and Hagonoy, Bulacan
2	OMR-002-2018-IV	Sands Mining & Dev't Corporation	6,379.5358	Cavite City, Cavite and Mariveles, Bataan
3	OMR-003-2019-IV	Bering Sea Mining Corporation	9,933.16	Pilar, Orion and Limay, Bataan
4	OMR-004-2019-IV	Kanglam Mining Corporation	9,936.56	Limay and Mariveles, Bataan
5	OMR-005-2019-IV	Sands Mining & Development Corp.	6,879.62	Cavite City, Cavite and Mariveles, Bataan
6	OMR-006-2019-IV	Palasyo Mineral Resources, Inc.	4,798.33	Samal, Abucay and Balanga City, Bataan; Lubao and Masantol, Pampanga; and Hagonoy, Bulacan
7	OMR-008-2019-IV	Bird's Nest Resources Corporation	8,561.1873	Unisan, Pitogo, Macalelon and Gen. Luna, Province of Quezon
8	OMR-009-2019-IV	Palasyo Mineral Resources, Inc.	9,968.6539	Pagbilao, Padre Burgos, Agdangan and Unisan, Province of Quezon
9	OMR-014-2020-IV	Cargon Mining Corp.	5,224.8075	Nasugbu, Batangas
10	OMR-015-2020-IV	GC8 Dredging and Reclamation Corporation	9,544.91	Nasugbu, Lian, and Calatagan, Batangas
11	OMR-016-2021	Seabed Resources, Inc.	2,733.2628	Ternate and Cavite City
		TOTAL	83,892.0853	

MGB Website Mining Tenements Catalog as of December 2020



PAGMIMINA SA KARAGATAN

*Tutulan! Wag Payagan!
Ingatan ang Kabuhayan
at Kalikasan!*



Connect
WITH US



© by the Alyansa Tigil Mina (ATM)

@atm_philippines